

PROLOGUE

“Ano na namang drama ‘yan, Phoem?” Halos tumili si Mayette nang makita ang hitsura ng kapatid. Animo’y aatakihin ito sa puso gayung wala naman itong sakit.

“Part of my research, dear sister.” Kalmado pa rin ang boses niya kahit halos mag-hysterical na ang kaharap.

May dahilang mag-panic si Mayette. Halos hubad na ang katawan ni Phoemela. Ang suot niya ay pulang palda na kaunting galaw lang ay makikita na yata ang panty, at tinernuhan pa ng itim na tube blouse. Nakasuot pa siya ng knee-length boots at ang takong ay limang pulgada yata, animo’y kakambal niya si Mystica.

“Research? Bakit, sa carnival ka na ba nagtatrabaho ngayon? Daig mo pa ang babaeng alakdan sa ayos mong iyan!”

Natawa na lamang siya. OA naman kasi kung mag-panic ang kapatid, para bang katapusan na ng mundo at isasalang na siya sa isang toneladang apoy!

“Di ba nga may libro akong sinusulat ngayon? At may isang part doon na tungkol sa mga pick-up

girls and prostitutes. Basta, believe me, I know what I am doing.”

“Aba’y nalilihis ka ng landas! Hindi ganyan ang ayos ng mga pick-up girls ngayon. Kahit siguro construction worker ay mangingilag na lumapit sa ‘yo. Baka akala ay kasali ka sa *Ripley’s Believe It Or Not*. Mga unwanted human beings!”

1

Napatingin si Jordan sa kanyang wristwatch. Alas diez na ng gabi, pero wala pa rin ang kanyang mistah na si Rain. Nine thirty ang usapan nilang magkikita sa labas ng bar na *Ten Years After* na matatagpuan sa Remedios Circle, Malate.

Ang sabi niya’y alam niya ang lugar na ito.

Iniisip na niya na baka naligaw na si Rain. Hindi naman talaga kabisado ng kanyang kaibigan ang Maynila. Lumaki ito sa Roxas City, Capiz at kasalukuyang combat pilot sa Mindanao. Iilang beses pa lang sila nagkita mula nang sabay silang mag-graduate sa *Philippine Military Academy* sa Fort del Pilar, Baguio City noong 1994.

Magkaiba kasi sila ng branch of service. Kung si Rain ay sa *Philippine Air Force*, siya naman ay sa *Philippine Navy*. Sa kanilang class ay lima silang naging malapit sa isa’t isa. Bukod kay Rain ay malapit din siya kina Lex, Janus at CJ. Higit pa sa kapatid ang turingan nila, palibhasa ay malalim ang kanilang pinagsamahan noon sa Academy.

Simula sa pagpasok hanggang sa maka-graduate

ay magkakasama sila sa lahat ng hirap at tagumpay bilang mga kadete. At nang maging mga ganap na opisyal ng military ay sumumpa sila na mananatiling malapit sa isa't isa kahit saanman sila ma-assign.

Malapit lang sa Malate ang opisina ni Jordan dahil sa ngayon ay naka-assign siya sa *Philippine Navy Headquarters*. Nasa Roxas Boulevard lang iyon, katabi ng *CCP Complex*. Minabuti niyang mag-overtime na lamang kaysa umuwi muna sa bahay niya sa Pasig tatal ay may lakad siya pagkatapos ng duty.

Ten fifteen. Kunot-noong kinuha niya ang cellphone sa bulsa at tinawagan ang kaibigan. Pero dismayado siya dahil kapag sinabi ni Rain na darating ito, ibig sabihin ay darating talaga ang lalaki. Actually, lahat naman silang galing sa Academy ay sinanay sa punctuality. Na-train silang mabilis kumilos at maging time-conscious, kaya naisip niya na malamang ay may mahalagang dahilan kung bakit wala pa rin ang mistah.

Napapagod na si Jordan sa pagda-drive nang paikut-ikot sa Remedios at Nakpil Streets. Hindi naman kasi siya makapag-park dahil walang bakanteng slot. Mayamaya ay namataan niyang may umalis na kotse sa tapat ng coffee shop na malapit sa Remedios Circle. Kaagad niyang pinaandar ang

kanyang sasakyan patungo sa bakanteng espasyo.

Pero muntik nang mapasigaw ang binata nang biglang sumulpot mula sa kung saan ang isang pigura ng babae sa harap ng kanyang kotse. Kung mayroon siyang sakit sa puso, malamang na sa ICU ang bagsak niya! Gigil na ibinaba niya ang bintana ng sasakyan.

“Excuse me, you’re blocking my way.” Mahinahon ang kanyang tinig, after all, babae ang kinakausap niya.

“Sowee...” Nakaharap na ito ngayon sa kanya at ngumiti pa.

Nanlaki ang kanyang mga mata, not because friendly ang babae, kundi dahil sa suot nitong hindi niya maintindihan kung damit pang matatawag. Ni wala pa yatang isang yarda ang telang ginamit kaya naman litaw na halos ang katawan nito.

“It’s okay.” Kaagad siyang umiwas ng tingin.

Bagaman nasa military siya, konserbatibo pa rin si Jordan sa maraming bagay. Masyado kasi siyang naging malapit sa mga pari noong nag-aaral pa siya sa *Ateneo de Manila University*. Sa naturang institusyon siya pinag-aral ng elementary at high school ng mga magulang at paborito siya ng mga Jesuit priests kaya kulang na lang ay magpari na rin siya!

Kung hindi lang naman talaga sa ama niyang isang sikat na general, nunca na pumasok siya sa military. Nasa *Literature and Social Sciences* ang hilig niya. Pero kailangan niyang ipagpatuloy ang kanilang family tradition, na dapat ay may opisyal sa bawat henerasyon. Kaya heto siya ngayon, si Lt. SG Jordan Francisco Santillan, a respected and accomplished Navy officer at the age of thirty-two.

“Do you wanna have fun?” Nagulat pa siya nang magsalita ang babae na ngayon ay nakatayo na sa tapat ng kanyang bintana.

Sa tinuran nito ay nahulaan na ng binata kung ano ang uri ng trabaho nito: nagbebenta ng aliw. Kung sa isang kanta pa, *‘kalapating mababa ang lipad.’*

“Sorry. Sa iba ka na lang lumapit.” Umiwas siya ng tingin. Hindi naman sa mababa ang tingin niya sa uri ng babae, pero ayaw niya ng may tukso sa kanyang paligid. Isasara na sana niya ang bintana nang bigla nitong katukin iyon.

“Hey, ang suplado mo naman yata.” Nakapamaywang ito, ang isang kamay ay may hawak na sigarilyo.

Hindi na siya kumibo. Isinara na lang ni Jordan ang bintana at tinawagan muli ang number ni Rain.

Laking pasalamat niya nang mag-ring iyon.

“Tupaz, nas’an ka na ba?” tanong niya nang may sumagot sa kabilang linya. Tupaz ang family name ni Rain at iyon na ang nakasanayang tawag dito ni Jordan.

“Sorry, Bok, nasiraan ‘yung taxi na sinakyan ko. Ang hirap pa namang maghanap ng taxi. Pero malapit na yata ako. Nasa U.N. Avenue na ako, eh.”

“O sige na.” Ini-off niya ang cellphone at ipinasok sa bulsa. Nagulat pa siya nang makitang hindi pa rin umaalis ang babae sa gilid ng kanyang kotse.

Bakit ayaw akong tantanan nito?

Matapos siguruhing wala siyang naiwang importanteng gamit sa loob ng sasakyan ay ipinasya niyang lumabas ng kotse. Ini-lock niya iyon at nagsimulang maglakad. Pupunta na siya sa harap ng bar para roon hintayin si Rain.

“Pogi, saan ka pupunta?” untag ng babae.

Hindi sumagot si Jordan, tahimik lang siyang nagpatuloy sa paglalakad.

“Suplado! Siguro bading ka. Bading!” sigaw nito. Gusto nang mainis ng binata pero nagtimi siya. Hindi niya ugaling pumatol sa mga ganoong pang-

aasar.

Five minutes na siyang naghihintay sa labas ng *Ten Years After* nang tumigil sa tapat niyon ang isang taxi.

“Jordan!”

“Rain! Salamat at nakarating ka din.” Nang bumaba ang mistah ay masaya silang nagbatian, pagkuwan ay sabay na pumasok sa loob ng bar.

“Inom ba talaga tayo?” tanong niya nang makaupo sila.

“Bok naman, alangang mag-cross-stitch tayo dito sa loob ng bar? Nakakahiya naman, oy!” natatawang tugon ng kaibigan. Tinawag nito ang waiter at um-order ng beer. “Ikaw?” baling nito sa kanya.

“Isang shot ng *White Russian* at isang order ng chicken lollipop.”

“Sosyal ka pa rin talaga, bok,” biro ni Rain bago bumaling sa waiter. “Boss, isang order din ng calamares. Salamat, ha.”

Napangiti na lang si Jordan sa tinuran ng mistah. Ever since kasi, ‘sosyal’ na ang bansag sa kanya sa *PMA*. Iba raw kasi ang taste niya. Kahit pa sabihing marunong siyang makisama sa mga classmates,

lumalabas pa rin daw ang kanyang pagiging *konyo*. Tawag iyon sa mga katulad niyang Atenista, na ibig sabihin ay *sosyal*.

“Sira! So, ano’ng pag-uusapan natin ngayon? Alam kong hindi ka magyayaya ngayon kung wala kang importanteng sasabihin,” aniya.

“Sobra ka. Hindi, gusto ko lang makipagkuwentuhan,” natatawang sagot ni Rain. “Teka, natanggap mo na ba ang wedding invitation ni Lex? Ikakasal na ang loko!”

“Natanggap ko kanina. Nagulat nga ako. Noong isang taon lang, wala pa siyang girlfriend, ‘tapos ngayon ay ikakasal na. Ang bilis!”

Dumating ang order nila kaya itinigil muna nila ang pag-uusap.

“Natakot sigurong hindi makatikim ng grasya. Eh, di ba na-ambush ‘yun? Duda ko nga, bala ni Cupido ang tumama sa kanya imbis na bala ng kalaban.” Nagkatawanan sila.

“Makakapunta kaya sina Janus?” tanong ni Jordan. Tinikman niya ang in-order na alak. Napangiwi siya. “Parang matapang ang pagkakahalo.”

“Naman, Jordan! Hayaan mo na ‘yan, inumin

mo lang!” kanyaw ng mistah bago uminom ng beer. Kumuha ito ng isang piraso ng chicken lollipop. “Magulo pa sa Basilan, duda ako kung makakakuha siya ng leave. Si CJ naman, hindi makaalis-alis ng Sulu.”

“Bakit ikaw? Di ba’t sa Zamboanga ang assignment mo? Bakit ka nandito sa Manila ngayon?” tanong ng binata.

“Pinagpahinga muna kami sa field. May crash course na pinapakuha sa amin ngayon sa *Camp Aguinaldo*. Isang buwan din yata, then balik na naman sa Mindanao.”

“Lumipat ka na lang kasi sa *Sangley Point*, tatal nandoon naman ang Strike Wing,” aniya, na ang tinutukoy ay ang kinabibilangang unit ni Rain sa *Philippine Air Force*. Sa Strike Wing kasi nanggagaling ang mga combat pilots na pinapadala kapag may air strike.

“Boring naman kapag nandoon lang ako. Nasa Mindanao ang action, eh.”

Napailing-iling si Jordan. “Pare-pareho kayo nina Janus na mahilig sa battlefield. May death wish ba kayo?”

Natawa si Rain. Uminom muna ito ng beer bago

muling magsalita.

“Hindi sa ganoon, bok. Nagkataon lang na mas kailangan kami ngayon doon,” anito. “Para naman kasing di mo dinaanan ‘yun bago ka na-assign sa *PN Headquarters*.”

Kung tutuusin ay kailan lang talaga siya nadestino sa Maynila. Nakailang assignments din siya sa iba’t ibang bahagi ng bansa bago inilagay sa Headquarters. Bilang miyembro ng elite *Navy Seals* ay marami na rin siyang naging mission na pawang walang palpak. Ilang engkuwentro na rin ang naranasan niya sa karagatan, maipagtanggol lang ang bayan. Ang pinakahuli niyang assignment ay sa Zamboanga kung saan nailigtas nila ang mga kidnap victims na isinakay sa pumpboat upang dalhin sa Sulu. Nasakote nila ang mga rebelde at nailigtas ang mga biktima. That earned him another medal.

Pagkatapos niyon ay pinakiusapan si Jordan ng kanyang ina na magpahinga na muna mula sa mga delikadong mission at baka mauna pa umanong mamayapa ang ginang dahil sa pag-aalala. Hindi na nagdalawang-salita si Mrs. Melissa Santillan dahil kaagad namang sumunod ang binata sa kagustuhan nito. Nag-request siya ng transfer kaya nakadestino na siya ngayon sa headquarters.

Kontento naman si Jordan sa kanyang sitwasyon, dahil kahit maraming paperworks ay may oras siyang magbasa ng mga paboritong libro. Kumukuha rin siya ng master's degree sa *Ateneo Business School* kapag weekend. Nami-miss din niya ang excitement sa field, pero gusto muna niyang magpahinga at mag-relax. Siguro kapag bored na talaga siya sa city life, baka maisipan niya ulit na magpa-assign sa ibang lugar.

“So, ano nga ba talaga ang pag-uusapan natin, ha?” baling niya kay Rain. “Siguro babae.” Nilakipan pa niya iyon ng ngiti.

“Well...” Nagkibit-balikat ang kausap.

“Babae nga?” Tumango ito. “In love ka, gan'un?”

Umiling ang piloto. Uminom muna ito beer saka muling nagsalita. “Di ko nga maintindihan, bok. Basta, gulong-gulo ako ngayon.”

Muntik nang matawa si Jordan sa tinuran ni Rain. First time niya kasing makita ang mistah na tila nawawala sa sarili!

“Parang hindi ikaw ang kausap ko,” aniya. “Kailan pa naging lovesick ang aming matapang na piloto?”

“Mayroon kayong hindi alam tungkol sa akin. Isang lihim na itinago ko nang matagal,”

makahulugang pahayag ni Rain, saka uminom ng beer.

“Bading ka?” Nanlalaki ang mga matang napatingin siya sa mistah. Lihim siyang napahawak sa mesa, dahil kapag tumango si Rain, tiyak na hihimatayin siya!

“Jordan, walang ganyanan.” Natawa nang malakas ang piloto, sabay pakita ng kamao nito. “Masasapak kita!”

“Ano ba kasing drama ‘yan? Anong lihim ang hindi namin alam?” May himig ng hinanakit sa kanyang boses.

“Wala na tayo sa Academy nang mangyari ‘to sa akin, kaya hindi ako nagkaroon ng chance na sabihin sa inyo,” ani Rain. “Ganito kasi ‘yun...”

Matamang nakinig si Jordan.

Madaling-araw na nang lumabas ng bar ang magkaibigan. Naglalakad na sila patungong parking lot nang biglang may magsalita.

“Hi!” Ang babaeng nakaengkuwentro ni Jordan earlier that night ang nagsalita. Napabuntong-hininga siya dahil naroroon pa rin pala ito, and obviously ay

hindi siya tatantanan! “Hinintay talaga kita, pogi. Siguro naman hindi mo na ako iisnabin ngayon?”

“Miss, sorry, sinabi ko na sa ‘yong hindi ako interesado,” mabilis na sagot ni Jordan. Kinuha niya mula sa bulsa ng pantalon ang kanyang susi upang mabuksan ang kotse. Nakaligid na sa kabilang side si Rain.

“Bakit ba parang diring-diri ka sa amin?”

Napaangat ng mukha si Jordan nang marinig na iba ang tinig ng nagsalita. Noon lang niya napansin na may katabi ang babaeng makulit. Tulad ng kasama ay revealing din ang suot nitong damit, at mukhang wala rin itong pakialam kesehodang magkapulmonya!

But for some strange reason ay napunta ang atensyon niya sa mga mata ng babae, at hindi niya napigilan ang sarili na titigan iyon. Sa kabila ng makapal nitong eye makeup ay bakas pa rin ang kakaibang kislap sa mga mata nito. Something that radiates an air of intelligence.

Intelligence? Natigilan ang binata sa naisip.

Kung intelligent siya, ano ang ginagawa ng tulad niya sa lugar na ito, at this hour with those outrageous clothes? kaagad na sabad ng kanyang isip.

“No, it’s not that,” he heard himself saying. “It’s just that... I don’t go for the same fun that you have in mind. It’s not my cup of tea, that’s all.” Hindi niya maintindihan kung bakit kailangan niyang makipag-usap pa sa estranghera. After all, he didn’t owe her any explanation!

“Oh, okay. So kayo ang mga tipo na nagdi-discriminate sa mga tulad naming may ganitong uri ng trabaho.” May himig ng galit sa tono ng babae, at hindi iyon nakaligtas sa kanyang pandinig.

Napatitig si Jordan sa babae at napansin niyang may hitsura ito. Kung tutuusin ay kakaiba ang ganda nito, sharp ang features—iyong tipong standout sa crowd. Makinis din ang kutis nito base sa nakikita niya, dahil halos kakarampot lang ang saplot nito sa katawan. Hindi niya maintindihan pero nakaramdam siya ng panghihinayang para sa babae.

“Hey, hindi ako nagdi-discriminate, ha!” narinig niyang sabad ni Rain. Mabilis niyang tinapunan ng masamang tinign ang mistah bilang pananaway kaya kaagad itong tumahimik.

“Bahala ka na kung ano ang gusto mong isipin.” Binuksan na ni Jordan ang pinto ng kotse. “Rain, tara na,” aniya nang makasakay.

“Good night,” narinig pa niyang sabi ng mistah sa dalawang babae bago ito pumasok sa kotse.

Nang umandar ang sasakyan ay kaagad niya iyong pinasibad upang mabilis na makalayo sa lugar. Mag-o-overnight si Rain sa bahay nila sa *White Plains*. Niyaya na nga niya ang mistah na roon na lang mag-stay sa kanila habang nag-aaral ito sa Maynila. Tatal malapit lang iyon sa *Camp Aguinaldo*.

Nasa *Nagtahan Bridge* na sila, but his thoughts remained in Malate.

2

“Congratulations!” bati ni Mrs. Felina Garcia kay Phoemela. Niyakap pa siya nito at bineso-beso.

“Thanks, Mama Fel,” nakangiting sagot niya sa kanyang publisher. Kararating lang niya sa opisina nito sa Eastwood sa Libis, Quezon City.

“Isang buwan pa lang na lumalabas ang libro mo, pero marami na tayong order mula sa mga bookstores. Marami talaga ang naaliw sa librong inilabas mo kaya’t mabili,” masayang pahayag ng may katabaang publisher. Gusto ito ni Phoemela dahil mabait ang babae at pleasant pa ang personality. Hindi makitid ang utak at malaki ang tiwala sa kanya kaya nagkaroon siya ng free hand sa mga kuwentong gusto niyang isulat.

“Yeah, nakita ko nga rin po. Kaya nga natutuwa ako dahil tinanggap nila ang mga views ko at mga kuwento.”

“Marami nga ang tumawag dito at nagtatanong kung may schedule ka raw ba ng book signing sa mga bookstores. I told them na inaayos na natin.”

“Ho?” bulalas ni Phoemela. Hindi siya sanay na

nagpipirma ng mga libro. At hindi yata niya kayang humarap sa publiko dahil mas gusto niyang hindi siya personal na makilala ng mga tao. Kumbaga, preference niya ang manatili behind-the-scenes.

“Hija, there’s nothing wrong if you will go to bookstores and sign your books. Marami na rin namang readers na gusto kang makita nang personal,” ani Mrs. Garcia.

“Eww!” Napangiwi ang dalaga. “Baka sabihin nilang bakla pala sa personal si Phoemela Novicendo!”

Nanlaki ang mga mata ng butihing publisher bago ito natawa.

“Ikaw talagang bata ka, kung anu-anong kalokohan ang pinagsasabi mo. Anong bakla, eh, sa ganda mong ‘yan, tiyak na magkakaroon ka ng maraming admirers from your readers,” anito. “And who knows, baka sa paglabas mo sa publiko ay makilala mo na rin ang ‘yong *Prince Charming*,” tila kinikilig pa nitong dugtong.

Napailing na lamang si Phoemela at napatingin sa isang sulok ng opisina kung saan may malaking salamin. Maingat siyang lumapit doon at pasimpleng sinipat ang sarili.

Maikili ang kanyang gupit, *funky* ang dating.

Nilalagyan niya ng gel ang buhok kaya matigas iyon at nakatayo sa iba't ibang direksyon. Sa biglang tingin ay mapagkakamalan siyang singer ng isang rock band dahil sa kanyang buhok. Hindi rin nalalayo ang kanyang pananamit dahil may pagka-rocker ang taste niya.

Ang suot nga niya nang araw na iyon ay maituturing nang simple sa kanyang eccentric taste for clothes. Ang kanyang attire ay tight faded blue jeans, neon-green shirt na maikli at humapit sa kanyang katawan at black boots. Minsan, kapag trip niya ay nakaitim siya araw-araw. Pero may mga araw ring bored siya sa kanyang all-black outfit at marami na ring nakigaya sa kanyang *ala-rebel-without-a-cause* fashion statement kaya nag-mix na lamang siya ng colors, tulad nga nang araw na iyon.

Lanky raw ang kanyang katawan, tipong payatin pero hindi naman mukhang kulang sa nutrisyon. Kahit kasi anong kain niya ay hindi siya tumataba, bagay na kung minsan ay ikinaiinis na ni Phoemela dahil pakiramdam niya ay para siyang saranggola na buto't balat, lumilipad! Ang gusto sana niyang katawan ay iyong voluptuous o kaya talagang sexy. Pero kahit nga anong gawin niya, ganoon na talaga ang korte ng katawan niya. Mabuti na lamang at biniyayaan siya ng magandang mukha, at least, sa

ganoong paraan ay makikita ng ibang tao na babae nga siya.

Striking ang features ni Phoemela, bagay na nakuha niya sa kanyang father side dahil half-Greek ang kanyang amang si Bernardo. Purong Greek kasi ang kanyang yumaong Lola Vionella na napangasawa ng kanyang Lolo Bernabe nang mapadpad ito sa bansang Greece dahil sa pagiging seaman. Ang kanyang mga mata ay bilog na binigyan ng makakapal at mahahabang pilik, matangos ang kanyang ilong at natural na mapula ang mga labi. Nakuha naman niya sa ina ang kinis ng kanyang kutis, palibhasa may pagka-mestiza si Rosalyn Novicendo na tubong Cebu.

“O, siguro naman naniniwala ka nang maganda ka? Hindi sinungaling ‘yang salamin ko!” Muntik mapatalon ang dalaga nang magsalita si Mrs. Garcia sa likuran niya. Napansin pala siya nitong matamang nakatingin sa salamin.

“Bolera din po kayo, eh.” Natatawang bumalik siya sa sofa at umupo. “Payag na nga po ako sa book signing na ‘yan. Bahala nang matunaw sa hiya, tiisin ko na lang!”

“Hija, forget about hiya-hiya. Hay naku! Ang batang ito, oo. Teka, tatawagan ko si Maxi para maayos niya ang event na gagawin natin. We’ll have

a series of book signing activity!” excited na pahayag ng publisher.

Wala nang nagawa si Phoemela kundi magpatianod.

Gabi na nang dumating ang dalaga sa condo unit nilang magkapatid na nasa Buendia-South Superhighway. Inabot sila nang alas nueve nina Mrs. Garcia at Maxi sa pagpaplano sa gagawing book signing.

“Tumawag dito ‘yung taga-*News Today*, hinahanap ‘yung article mo para sa isang araw. Wala raw silang natanggap sa email kaya nagdu-double check,” bungad ni Mayette.

Isa itong doctor sa *Philippine General Hospital* at may pagkaseryoso. Kung siya ay cool na cool, ito naman ay madaling mag-panic. Masayahin siya at may pagkapilya, samantalang ang kapatid ay tuwing Disyembre lang yata ngumingiti. De-numero pa kung kumilos, masyadong straight.

Pero sa kabila ng pagkakaiba nila ng ugali, malapit pa rin sina Phoemela at Mayette sa isa’t isa dahil dalawang taon lang ang tanda ng huli sa kanya. Twenty-nine ang babae, samantalang siya naman ay

twenty-seven. Parehong nasa Canada ang kanilang mga magulang, kasama ang kanilang Kuya George na isang aircraft engineer sa isang Swiss airline company na nakabase roon.

“What! Wala silang natanggap? Aba, bukod sa email ay nag-fax din ako kanina para sigurado!” bulalas ni Phoemela nang marinig ang sinabi ng kapatid. Naiinis na inilapag niya ang kanyang bag at kinuha ang cordless phone upang tumawag sa opisina. Maski dis-oras na ay mayroon sasagot sa kanyang tawag dahil maraming tao roon kapag gabi kaysa araw.

Apat na taon na siyang nagsusulat para sa *News Today*. Ito ang kanyang pangatlong trabaho simula nang magtapos ng Journalism sa *UP Diliman*. Una siyang nagtrabaho sa isang magazine bilang editorial assistant. Mahigit isang taon na siya sa naturang magazine nang kunin siya ng isang sikat na advertising agency para maging copywriter. Naengganyo naman siya dahil sa laki ng suweldong inalok sa kanya, pero pulos bitchy ang kanyang mga kaopisina kaya hindi rin siya nagtagal doon.

Noong nagtatrabaho pa siya roon, weekend lang ang kanyang pahinga at ginugugol niya iyon sa pagsusulat ng kanyang mga hinanakit at opinyon.

Nang minsang makita niya na may opening sa *News Today* ay kaagad siyang nagpadala ng resume at ilan sa mga nasulat na niya. Nang matanggap ay hindi na siya nag-atubiling iwan ang ad agency kahit pa sabihing maliit lamang ang sasahurin niya sa newspaper.

And it was a wise move, dahil mas lalo siyang na-develop bilang writer. Nang magkaroon siya ng sariling column ay isa iyon sa mga pinakakaabangan, lalo na ng kababaihan. Light lamang ang mga topics na tinatalakay niya, pero laging malaman at puno ng mga witty remarks. Kaya naman hindi nagtagal ay naging sikat na siyang columnist. At nito ngang taon ay nailabas na rin niya ang librong matagal na niyang pinapangarap na ma-publish. Isa iyong collection ng maikling kuwento at chosen articles sa newspaper, na ngayon ay isang instant hit.

Kausap na ni Phoemela sa kabilang linya ang night-shift secretary nila tungkol sa article na pinadala niya kaninang tanghali. Nakahinga siya nang maluwag na makumpiramang natanggap na iyon ng opisina. Nagpaalam na siya dahil pagod na siya. Buong araw kasi siyang nasa labas.

“Kumain ka na ba?” tanong ni Mayette nang makitang dala na niya ang gamit sa kuwarto.

Tumango si Phoemela. “Sayang, paborito mo pa naman ang niluto ko,” dugtong pa nito bago ibinalik ang atensyon sa binabasang medical book.

“Crispy pata?” tanong niyang natigil sa pagpasok sa kuwarto.

“Hmm...” Iyon na lamang ang narinig niya mula sa kapatid, ibig sabihin ay abala na ito sa pagbabasa.

Gusto na sanang puntahan ni Phoemela ang kusina para tikman ang paboritong pagkain pero nanaig ang kaway ng kanyang kama.

“Bukas ko na kakainin ‘yang crispy pata, ha!” aniya bago isinara ang pinto ng kuwarto. Ni hindi na niya nagawa ang night rituals niya, sa halip ay humiga na sa kanyang kama. Pagdampi ng katawan sa malambot na kutson ay awtomatikong pumikit ang namimigat na mga talukap ng kanyang mga mata.

“Dalawang bookstore uli ang pupuntahan natin ngayong araw,” narinig ni Phoemela na pahayag ni Maxi, ang bading na coordinator na kinuha ni Mrs. Garcia para sa kanilang event. Pero kahit miyembro ito ng opposite sex ay pormal ito at magaling dumiskarte kaya bilib siya rito.

Wala pang tatlong linggo nang pag-usapan nila ang gagawing book signing ng kanyang libro sa iba't ibang bookstores sa Metro Manila pero mabilis na naorganize iyon ni Maxi. Sa katunayan ay pangatlong araw na nila ito. The other day ay nagtungo sila sa *SM North Edsa* at *National Bookstore Katipunan*. Kahapon naman ay sa *SM Megamall*. Halos sumakit na ang panga ni Phoemela sa kangingiti sa mga nagpapirma sa kanyang libro, but it was worth it. Talaga namang nakakataba ng puso na makitang maraming bumili ng kanyang akda na may pamagat na *The Salad Under The Sun*.

“Sa *Robinson’s Place* tayo at sa *Harrison Plaza*,” narinig niyang sabi ni Maxi. Tahimik lamang siya.

“Teka, bakit hindi na isinabay ang *SM Manila*?” tanong ni Mrs. Garcia.

“May activity rin sila ngayon, Mama Fel,” sagot nito. “Next week na lang daw tayo.” Tumango na lamang ang publisher.

“Anong oras tayo pupunta sa *Robinson’s Place*?” tanong ng dalaga mayamaya.

“Mga two. Siguro’y mga isang oras lang tayo doon, pero kung maraming tao at maraming gustong makipag-usap sa ‘yo then we’ll adjust our time. Hindi

naman puwedeng hindi pagbigyan ang mga readers. After all, sila ang ating buyers,” ani Maxi.

“Anong oras naman tayo expected sa *Harrison Plaza*?”

“Mga five puwede na. Tamang-tama, labasan ng mga nag-oopisina sa area na ‘yun. Tiyak na maraming dadaan sa bookstore.”

“Okay,” sang-ayon ni Phoemela at ibinalik ang atensyon sa laptop na dala. May sinusulat kasi siyang article at isinisingit niya ngayon in-between her book signing activity.

“Mag-lunch muna tayo, hija,” yaya ni Mrs. Garcia. “Magpapadala ako ng pagkain dito.” Tumango lamang ang dalaga, not wanting to get her attention away from the screen.

Napasandal sa swivel chair si Jordan habang binabasa ang column ni Phoemela Novicendo sa newspaper. May isang taon na rin niyang binabasa ang mga sinusulat ng babae dahil naaliw siya sa mga komento nito at mga sinusulat. Pawang interesting, katulad na lamang ng topic ng column nito nang araw na iyon. Ayon sa artikulo nito, ang mga lalaki ay hindi pa rin nakakawala sa nakakahong ideya

nito tungkol sa mga panlabas na anyo ng mga babae. Lagi pa rin umanong mapanghusga ang mga lalaki sa pisikal na aspeto ng kababaihan kaysa sa panloob nitong katangian. Nagpatuloy siya sa pagbasa.

Men tend to prefer the sexy and trendy women to the scholarly and smart ones. Don't they even care about their future? Don't they know that the women they choose will eventually be the mothers of their children? Mothers play an important role in raising children. Their hands are the ones that rock the cradle, and to quote my favorite movie, "The hand that rocks the cradle is the hand that rules the world."

Matapos basahin ang naturang artikulo ay hindi napigilang mag-isip ni Jordan. Para sa kanya ay masyadong opinionated ang writer, pero inaamin niyang may punto ito. Naniniwala rin siyang dapat ay responsableng babae ang mapangasawa niya. Ayaw naman niyang magkaroon ng mga anak na salat sa values. Kaya nga ba malaki rin ang pasasalamat niya at nakatagpo ang papa niya ng isang magaling na babae tulad ng kanyang ina. His mom nurtured him with good values and love for books, kaya naman

lumaki rin siyang may pagpapahalaga sa karunungan.

Kaya siguro binata pa rin siya hanggang ngayon dahil hindi pa niya natatagpuan ang babaeng gusto niyang makasama habang-buhay. Kinantyawon na nga siya ng mga mistah two months ago. Dumalo kasi si Jordan sa kasal ni Lex at may mga nagtanong kung kailan naman daw kaya siya ikakasal. Pero nang nakaraang gabi, nang makatanggap siya ng message na maging si Janus ay ikakasal na rin, hindi na niya napigilang mag-isip.

Mukhang uso ang kasalan, ah. Naalala pa niya ang text message ni Lex sa kanya kanina.

Bok, mag-asawa ka na rin! :)

Paano siya mag-aasawa, ni wala siyang girlfriend! Alangan namang magpakasal siyang mag-isa! May mga naka-date na rin siya, pero pawang mga superficial lamang ang ganda. Sosyal nga't magaganda pero kulang ang personalidad. They all talked about the same things—fashion, gimmicks and themselves.

That's why I'm bored with them.

Pero ano nga ba ang hinahanap niya sa isang babae? Napabuntong-hininga siya sa naisip. Ano nga ba?

Chasing Hearts - Charlotte Dianco

Someone whom I can share my interests with. Someone smart yet sensible. Strong yet caring. Someone I can laugh with. Someone with an exciting personality, pag-e-enumerate ng puso niya.

Someone who probably doesn't exist! sabad ng isip niya.

Napasimangot si Jordan. Hindi naman masyadong mataas ang standard niya sa isang babae kaya alam niyang posibleng mayroon ding kalahi ni Eba ang may ganoong katangian.

Pero nasaan? Muli siyang napatingin sa hawak na newspaper.

Ano kaya ang hitsura ng Phoemela Novicendo na ito? wala sa loob na naitanong niya bago tiniklop ang diyaryo at ibinalik sa magazine rack.

“One hundred copies na lang po ang natitira sa mga libro n’yo dito,” pahayag ng branch manager ng *National Bookstore* kay Phoemela nang dumating sila ng *Harrison Plaza*.

“Talaga po?” Kahit pagod na ay hindi pa rin napigilan ng dalaga na ma-excite dahil sa narinig.

“Huwag kang mag-alala, Lenie,” mabilis na

pahayag ni Mrs. Garcia sa branch manager. “Nagpa-second printing na kami and we’ll have the copies delivered as soon as possible.”

Nakahinga ito nang maluwag. “Salamat naman po, Ma’am, kung gan’un. Minsan kasi mahirap magpaliwanag sa mga customers, eh. Lalo na kapag gusto talaga nila ‘yung librong hinahanap, naku, ang kukulit!” anang manager.

Napangiti na lamang si Phoemela. Nag-uumapaw ang saya sa kanyang dibdib dahil hindi niya akalaing ganoon ka-warm ang pagtanggap ng publiko sa kanyang libro. *Made* na siya as a writer.

“Phoemela, ready na ‘yung area for book signing. Marami nang nakapila,” sabad ni Maxi matapos makipag-usap sa ilang saleslady ng bookstore.

“Okay, let’s go then,” aya niya, sabay labas ng kanyang sign pen.

Natigilan si Jordan nang makita ang poster sa labas ng *Harrizon Plaza*. Kalalabas lang niya ng opisina at pauwi na sana nang maisipang dumaan ng bookstore. Gusto niya kasing bumili ng bagong kopya ng *Reader’s Digest*. Papasok na siya ng mall nang mapansin ang katamtamang laking poster na

malapit sa bungad ng pinto. Coloreful kasi iyon kaya madaling naagaw ang kanyang atensyon na tiningnan ang poster.

See Phoemela Novicendo, author of The Salad Under The Sun at the National Bookstore today. Have your book signed by the author herself!

Nagulat siya sa nabasa. Kanina lang ay nag-iisip siya kung ano ang hitsura ng writer ng kanyang sinusubaybayan na column sa newspaper, at mukhang mabilis na matutugunan ang kanyang curiosity.

*Makabili na nga rin ng libro niya. Kaagad niyang tinungo ang bookstore sa loob ng Harrizon Plaza. Nang makitang may mahabang pila ng mga taong may bitbit na librong *The Salad Under The Sun* ay hindi niya napigilang ma-impress.*

Mukhang sikat na nga yata ang Phoemela Novicendo na ito. May sarili na siyang followers, ah. Nagulat din si Jordan na marami ring lalaki ang nakikipila. Matapos bumili ng libro ay nagdalawang-isip siya kung makikipila rin para mapirmahan ng author ang kanyang kopya.

Di kaya ako mapagkamalang jologs nito? Para akong fan na magpapa-autograph, ah! Gusto niyang matawa sa iniisip. Nakahakbang na si Jordan papuntang pinto nang marinig ang isang tila pamilyar na tinig.

“Sandali lang, I think I need another sign pen!”

Napalingon siya sa pinanggalingan ng nagsalita, hoping to see kung sinuman iyon. Pero masyadong maraming tao.

“Phoemela, here’s a new pen.” Tinig-binabae ang sumunod na nagsalita.

So, si Phoemela Novicendo ang nagsalita?

Biglang bumangon ang di-maipaliwanag na interes sa binata. At bago pa siya nakapag-isip ay nakapihit na siya pabalik sa pila ng mga magpapapirma sa author. Di nagtagal ay unti-unti na siyang napapalapit sa kinaroroonan nito. Nang matapos makapagpapirma ang isang malaking babae sa kanyang unahan ay natagpuan niya ang sariling kaharap ang isang nakayukong babae na maikli ang buhok.

Punkista? Awtomatikong tumaas ang kilay ni Jordan.

Nakatayo kasi ang buhok nito na tila alambre yata sa tigas. Kaagad din niyang napansin ang dangling earrings nito na apple-green ang kulay. Nakasuot ito ng spaghetti-strapped blouse na itim at may multi-colored native necklace. Sa tantya niya ay wala pa yatang beinte ang babae, mukhang estudyanteng naligaw dahil sa pagbubulakbol!

“Excuse me, are you really Phoemela Novicendo?” hindi natis na tanong ni Jordan.

“Yes, I am.” Masigla ang tinig ng nagsalita. Nang mag-angat ito ng ulo ay nagkatinginan silang dalawa.

Biglang kumabog ang dibdib niya sa di-malamang dahilan.

Those eyes! kaagad na sigaw ng kanyang isip.

“Ikaw?” narinig niyang tanong ng kaharap. Pero mas nagulat si Jordan nang makita ang tila galit na expression nito!

The girl in Malate! he concluded.

3

“Magkakilala kayo?” masiglang tanong ni Mrs. Garcia sa gilid ni Phoemela.

“Hindi,” halos sabay pa silang nagsalita ng lalaki. Muling tinapunan ng dalaga ng masamang tingin ang kaharap.

“But we had a very disturbing encounter once,” hindi niya napigilang idugtong.

“Really?” Hindi pa rin napansin ni Mrs. Garcia ang iritasyon sa kanyang tono. “Pirmahan mo na ‘yung binili niyang libro, hija!” susog pa nito.

Mabilis na kinuha ni Phoemela ang libro sa lalaki at pinirmahan iyon. Matapos maibigay ay isang mahinang *thank you* ang kanyang narinig bago ito tumalikod. Laking pasalamat niya at tatlong tao na lang ang natitira sa pila. Matapos mapirmahan ang mga libro ay mabilis siyang tumayo at nagsabing pagod na siya.

“Oo nga naman, buong hapon ka nang alashowbiz sa kangingiti at kakapirma ng mga books!” komento ni Maxi. “Tara na, Mama Fel. Mag-dinner muna tayo saka uwi na,” baling nito sa publisher.

Sumang-ayon si Mrs. Garcia, na obviously ay pagod na rin.

Matapos maghapunan ay inihatid nina Mrs. Garcia at Maxi ang dalaga sa condominium building na kinaroroonan ng unit nila ng kapatid. Pero kahit napagod siya sa buong araw na book signing ay hindi pa rin siya nakatulog kaagad. May tatlung minuto na siyang nakahiga sa kama pero nanatili siyang nakadilat, sari-sari ang naiisip. At isa sa mga iyon ay ang lalaking nakita kanina. Iyon ang pangalawang beses na nasilayan niya ito.

Sino kaya siya?

Inis si Phoemela sa naturang estranghero dahil hindi pa rin niya nakakalimutan kung paano nito tinrato si Carmela, ang nakilalang call girl sa Malate nang isagawa niya ang kanyang research doon. Nakitambay pa siya sa babae, at doon nga niya na-encounter ang lalaki. Pero hindi ito naging friendly sa pakikitungo sa kanila. Para itong diring-diri noon, kulang na lang ay sabuyan sila ng alcohol.

Napaka-snobbish, napakataas ng tingin sa sarili!

Matangkad naman talaga siya, gaga! At mukha ngang may ibubuga sa buhay kaya gan'un siya ka-confident! sabad ng kanyang konsyensya.

Hindi niya alam kung bakit napakabigat ng dugo niya sa lalaking iyon. Dapat pa nga niyang hangaan ito dahil hindi pala ito basta-basta pumapatol kung kanino lang. Hindi tulad ng ibang lalaki na pinapatos kahit poste basta nakapalda. At least, disente ang estranghero.

Pero sana tinanggihan niya si Carmela nang maayos, hindi 'yung akala mo kung sino! gigil na naisip ni Phoemela. Naalala kasi niya ang tonong ginamit nito sa pakikipag-usap sa call girl.

Teka, bakit high-blood ka mastado sa kanya? singit muli ng kanyang konsyensya.

Kasi napaka-feeling! depensa niya sa nararamdaman.

At dahil hindi makatulog ay napilitan siyang bumangon at nagsalang ng disc sa kanyang DVD player. Nanood na lang siya ng pelikula kaysa matuyuan ng dugo dahil sa inis.

Ang hindi niya maintindihan ay kung bakit siya naiinis. At kanino?

“Sir, ba’t mukhang nanlalalim ang mga mata n’yo?” tanong ni Girlie. Isa itong civilian employee

na nakatalaga sa opisina ni Jordan bilang secretary at assistant niya.

“Puyat lang,” nakangiting sagot ng binata. Kararating lang niya sa opisina, at bagaman alas nueve na, medyo hilo pa talaga siya sa antok.

Napuyat kasi siya noong nakaraang gabi. Napuyat siya dahil sa pagbabasa ng libro ni Phoemela Novicendo, tinapos niya kasi iyon. Noong una ay sinumulan niyang basahin iyon out of curiosity, pero hindi na niya namalayan na nangalahati na pala siya. Hanggang tinapos na nga niya ang buong libro. Pero sulit ang kanyang pagpupuyat, dahil nagustuhan niya ang literary piece ni Phoemela. At ngayon ay talagang interesado na siya sa naturang manunulat!

May boyfriend na kaya siya? Hindi niya napigilang mag-isip. Wala sa hitsura ni Phoemela na may-asawa na ito kaya dalangin niya na sana ay wala pang boyfriend ang babae!

She's quite a woman, I'm sure maraming may gusto sa kanya. At hindi nakapagtataka kung may boyfriend na siya. Hind nagustuhan ni Jordan ang huling naisip.

“Sir? Okay lang kayo, Sir?”

Nagulat si Jordan nang makitang nakatayo si

Girlie sa harapan ng mesa niya. At hindi man lang niya ito namalayan dahil sa kadi-daydreaming!

“Yes, ano ‘yun?” mabilis niyang pinapormal ang hitsura para makabawi.

“Ang sabi ko po pinapupunta kayo ni Commodore Lopez sa office niya. May sasabihin yata,” anito.

“Ah, okay. Sige, salamat.” Tumayo ang binata at inayos muna ang uniform bago lumipat sa opisina ng kanyang immediate superior.

Hindi pa rin nawawala sa isang bahagi ng kanyang isip ang mukha ni Phoemela.

Titig na titig pa rin si Jordan sa telepono na nasa kanyang mesa, tinitimbang ang sarili kung magdadial o hindi. Sa tabi ng aparato ay ang maliit na papel kung saan nakasulat ang mga numero ng *Griffin Publications* na siyang naglabas ng libro ni Phoemela, at ng *News Today*.

Ano naman ang sasabihin ko pag nakausap ko siya? For all I know, galit pa rin siguro siya sa akin.

Alam na niya na nagkunwari si Phoemela na isa sa mga calls girls nang gabing magkrus ang landas nila sa Malate. Inilagay kasi ng babae sa libro nito

ang naging karanasan ito kasama ang *Stray Doves*, na isa sa mga kuwento sa *The Salad Under The Sun*.

Should I say sorry? Pero para sa binata ay wala naman siyang ginawang masama para humingi ng dispensa. Ano ang magagawa niya gayong hindi talaga siya nakikisalamuha o nakikipag-usap sa mga prostitutes. Kasalanan ba iyon?

Bahala na! Dinampot ni Jordan ang telepono at nag-dial.

“Uy, Novicendo, nabuhay ka!”

“Hello, Roxy!” masayang bati ni Phoemela sa kanyang kasamang writer sa *News Today*. Nakipagbeso muna siya bago inilapag ang kanyang gamit sa kanyang cubicle.

“Mabuti naman at naisipan mong dito na uli tumambay,” ani Roxy na may dalang malaking mug. Kahit hindi tingnan ay alam niyang kape ang laman niyon. Official drink na kasi nila sa opisina ang kape.

“Nababagot na akong magsulat sa condo, eh. Wala akong makausap kapag asar ako sa computer screen. Masama namang pangitain kapag sarili ko ang kinausap ko, di ba?” nakangiting pahayag niya.

Binuksan na ni Phoemela ang dalang laptop.

“Kumusta si Mayette?” Humila pa si Roxy ng upuan, obviously ay makikipagtsismisan muna sa kanya.

“Ayun, autistic pa rin. Kapiling pa rin ang kanyang mga medical books!” Nagkatawanan sila.

Sa opisinang iyon ay si Roxy ang kanyang pinaka-close friend, palibhasa ay halos magkasing-edad lang sila. Tulad ni Phoemela ay dalaga pa rin ang kanyang katrabaho. Pihikan din kasi ito at may pagkasuplada kaya walang lalaking naglalakas-loob na manligaw. Sa kanya naman ay takot ding lumapit ang mga hombre, nakakasunog daw kasi siyang tunmingin. Biruan nga nilang magkaibigan ay baka hanggang pagtanda ay sila pa rin ang magkasama dahil hindi na siguro sila makahanap ng husband material.

“Hindi pa ba mag-aasawa ang kapatid mong ‘yun?” tanong ni Roxy.

“Hello! Nagtanong ka pa, eh, ospital lang ang alam na lugar n’un!” sagot niya habang nagsa-scan ng files. “Ewan ko nga, paano naman kaya ako makakapag-asawa nito kung ‘yung kapatid kong mas matanda sa ‘kin ay wala pang bf! I think it’s a bad sign.”

Muli itong natawa. Uminom muna ito sa mug bago nagsalita.

“Dear, ang bad sign ay ngayon ka lang dumating. May naghanap sa ‘yo kanina sa phone,” nakangiting pagbibigay-alam nito. “Sayang at wala ka.”

“Naghanap? Sino daw?” Natigilan si Phoemela sa narinig. Wala naman siyang alam na puwedeng maghanap sa kanya sa office phone nila. Ang mga kaibigan niya ay alam ang kanyang cellphone number.

Nagkibit-balikat ito. “Ewan ko, lalaki ‘yung caller. At ang ganda ng boses, ‘day! Sosyal ang tono.”

“Lalaki? At sosyal ang tono?” Mas lalo siyang naintriga. “Wala akong kilalang gan’un. Karamihan sa kilala kong lalaki na sosyal ang tono ay bakla,” ani Phoemela.

“Gaga!” sita ng kaibigan. “I don’t think gay ang caller mo. He sounded like a real man. You know, like Pierce Brosnan in all his *James Bond* movies!” dagdag pa nito. “Ano nga kaya kung hawig pala ni Pierce Brosnan ‘yun? Gosh!”

“Ilusyunada! Tumigil ka na nga diyan, Rosario! For all we know, boses lang ang maganda sa caller na ‘yun. Baka mamaya kahawig ‘yun ni *Quasimodo!*” natatawang pahayag niya na ang tinutukoy ay ang

kubang bida sa pelikulang *Hunchback Of Notre Dame*.

“Luka-luka ka talaga, Maria Phoemela!” Natawa na rin si Roxy. “Sinisira mo ang wishful thinking ko.”

“Sana tinanong n’yo ang pangalan para alam ko kung sino ‘yun.” Tumayo siya at kumuha ng biscuit sa kanyang bag. Binigyan niya rin ang kaibigan.

“Hindi nga rin ibinigay, eh. Pero hayaan mo, pag tumawag uli ang mysterious caller mo ay talagang kukulitin ko kung ano’ng pangalan.”

Hindi nagtagal ay umalis na rin si Roxy at bumalik sa sarili nitong cubicle. Ito kasi ang assistant editor ng lifestyle section kaya mas marami itong trabaho kaysa sa kanya.

Sino kaya ang tumawag? Hindi pa rin mapakali si Phoemela. Pero dahil may nira-rush siyang article, mayamaya lang ay nawala na rin sa isip niya ang naturang caller. Mas na-focus ang atensyon niya sa isinusulat.

Muling binasa ni Phoemela ang message sa kanyang cellphone. Galing kay Mrs. Garcia ang mensahe, at ayon sa kanyang publisher, may tumatawag daw sa opisina ni *Griffen Publications* at

hinahanap siya. Hindi sinabi ang pangalan at wala ring number na iniwan kaya minabuti ni Mrs. Garcia na i-text sa kanya ang tungkol doon.

Another mysterious caller?

Hindi na naman niya napigilan ang magtaka. Noong isang araw lang ay na-curious siya kung sino ang tumawag sa kanya sa opisina ng *News Today*. Pero hindi na muling tumawag ang lalaki kaya nawaglit na sa isip niya. Pero ngayon ay mayroon uli tumawag sa kanya, at sa publication office pa.

Hawak pa rin ang cellphone, tinawagan niya ang kanyang publisher.

“Mama Fel, good evening po,” aniya nang marinig ito sa kabilang linya.

“Lalaki ang caller mo!”

“Lalaki?” Hindi niya napigilan ang pagtaas ng kilay.

“At ang ganda ng accent! Hatang sosyal,” dagdag pa ni Mrs. Garcia.

Matapos makipag-usap sa may-edad na babae ay naiwang nakatingin sa kisame ang dalaga, nagtataka pa rin kung sino nga ba ang naghahanap sa kanya..

Stalker? Gusto niyang matawa. Naisip kasi ni Phoemela ang ilang pelikulang napanood tungkol sa mga obsessed fans, pero alam niyang imposibleng magkaroon siya ng ganoon. Hindi naman siya artista o singer para magkaroon ng fans!

Pero sino nga itong pursigidong tumatawag sa kanya? Nakatulog na siya sa kaiisip.

“So hindi rin sinabi kung sino siya?” tanong ni Roxy. Nasa canteen sila ngayon at nagmemerienda.

Pasado alas doce ay nasa opisina na si Phoemela, pero hindi siya nakapag-lunch kaya pagdating ng alas dos ay niyaya na niya ang kaibigan para kumain. Ngayon nga ay pinag-uusapan nila ang misteryosong caller niya.

“Hindi nga, eh. Ni numero ay walang iniwan kaya hindi ko alam kung saan ako magri-return call,” aniya bago sumubo ng spaghetti.

“Hmm... at least nagiging interesting na ang buhay mo!”

“Anong interesting d’un? Nakakatakot nga, ‘ika mo. Baka mamaya, eh, psycho killer pala ‘yun!’” ismid ng dalaga. Natawa naman si Roxy. “Bakit kasi hindi

siya nagpapakilala, no!” dagdag pa niya.

“Malay mo, shy lang ‘yung tao? Gustong manligaw pero kulang sa guts.” Napataas ang kilay ni Phoemela sa komento ng kaibigan.

“At paano mo nasabing gusto niyang manligaw? Far-out naman ‘yung sinasabi mo, Rosario!” nasabi tuloy niya.

“Wala lang... feel ko lang na gan’un!” kibit-balikat ng kausap saka uminom ng kape. “Basta pakiramdam ko gan’un talaga, as in!”

“Ay naku! Tigilan mo ‘yang mga feeling-feeling mo na ‘yun!” natatawang saway ni Phoemela. Tapos na siyang kumain. “Tara na, bumalik na tayo sa itaas,” nasabi niya pagkatapos uminom ng tubig.

Nasa isang sulok ng first floor ang kanilang canteen at ang pinaka-opisina ng kanilang newspaper ay nasa third floor pa. Hanggang apat na palapag lamang ang naturang building at wala itong elevator. Mula sa canteen patungong hagdanan ay kailangan munang dumaan sa looby.

Paakyat na sila ng hagdanan nang marinig ng dalaga na may tumatawag sa kanya.

“Miss Phoemela! Miss Phoemela!” Paglingon niya

ay nakita niya si Mang Alfonso, ang head guard na matagal na nagtatrabaho sa building na iyon.

“Bakit po?” tanong niya. Maging si Roxy ay napatigil din sa pag-akyat.

“May naghahanap sa inyo sa labas,” sagot ng may-edad na guwardiya.

“Sino daw?” singit ni Roxy na tila naintriga. Palibhasa walang gaanong naghahanap kay Phoemela sa opisina kaya bumangon ang di-maipaliwanag na interes sa babae.

“Jordan Santillan daw,” sagot ni Mang Alfonso.

“Sino ‘yun?” nagtataakang tanong ni Phoemela. Anyong hahakbang na siya patungo sa front entrance nang unahan siya ng kaibigan.

“Oh, my gosh!” narinig na lamang niyang bulalas nito sa unahan.

“Bakit ka ba napa—” Hindi na niya natapos ang sinasabi nang makita kung sino ang naghahanap sa kanya.

“Hello,” nakangiting bati ng lalaking nakasuot ng barong.

Daig pa ng dalaga ang itinulos na kandila. Hindi

Chasing Hearts - Charlotte Dianco

siya nakagalaw sa kinatatayuan!